# أحكام اللقطة باللغة الفلبينية

# MGA KATURUAN KAPAG MAY NATAGPUAN SA DAAN

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Ano ang gagawin ng isang tao tuwing siya ay makakapulot ng pera sa daan? Ngayon ay aalamin natin kung ano mga dapat nating gawin kapag tayo ay nakapulot ng anumang may halaga sa daan.

**Una**: Kung malinaw sayo na ang bagay na ito ay iniwan ng may-ari dahil ito ay wala nang halaga para sa kanya; katulad ng lumang sapatos o maliit na pera, ito ay pwede mo kunin kung ikaw ang nakapulot nito, at pwede na ito ay ibigay mo bilang (Sadaqah) o kawanggawa.

**Pangalawa**: Kung ang nakuha mo naman ay may halaga sa mga tao (sa gitna ng mga masinop at mapagbigay), ito ay ipagbigay alam mo sa publiko ng **isang taon**; ito man ay sa pamamagitan ng pagpaskil nito sa Masjid, palengke, o kahit na sa sosyal medya.

Kapag walang tao na nag-angkin nito pagkatapos ng isang taon, ito ay iyong pagmamay-ari na. Dapat mo lamang na kuhaan ito ng maayos na litrato bago mo ito gamitin, para kung dumating man ang may-ari nito at sinabi niya ang totoong itsura nito bago mo gamitin, ito ay kailangan mo ibalik sa kanya, at palitan ang kailangan isauli kung ito ay iyong nagamit.

**Pangatlo**: Kung ang napulot mo naman ay nasa Makkah, hindi mo ito pwede maging pagmamay-ari kailanman. Ito ay ayon sa sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: “Hindi mo pwede angkinin ang anumang bagay sa Makkah, depende kung ito ay para hanapin ang may-ari nito”. Dapat na ito ay ibigay sa mga awtoridad at wala ka ng kasalanan dito.

Kung ang natagpuan mo naman ay hayop na malaki at kaya nito na proteksyonan ang kanyang sarili laban sa mababagsik na hayop, ito ay hindi mo

kukunin at hayaan na ito ay matagpuan ng may-ari, kung ito naman ay maliit na hayop at may panganib para dito, ito ay pwede mo kunin at alagaan.

At sa maliit na hayop na ito, tatlo ang pwede mong gawin:
1-Ito ay iyong kainin at kapag dumating ang may-ari nito papalitan mo ito ng katulad na halaga.
2-Ito ay iyong ibenta at itabi ang pera upang maibalik sa may-ari.
3-Ito ay aalagaan mo gamit ang sariling pera, kapag dumating ang may-ari ibibigay sa kanya ang kanyang nagastos sa kanyang pag-aalaga.

Dahil sa sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Ito ay iyong kunin, dahil ito ay maaaring sa iyo, o sa kapatid mo, o sa lobo". Kapag di dumating ang may-ari pagkatapos ng isang taon ito ay sayo na katulad ng ating nabanggit kanina.

Kung ang natagpuan naman ay bagay na mabilis masira; katulad ng prutas, ito ay pwede kainin at ibabalik ang halaga sa may-ari, o ibenta at itatabi ang halaga at sa may-ari ay ibabalik.

Ito ay katangian ng mga tunay na mananampalataya, ang mga bagay na ating natatagpuan sa daan ay tiwala na hindi natin dapat balewalain, sinabi ng Allah ﷻ sa Qur'an: "Ang mga mananampalataya ay pinangangalagaan nila ang mga ipinagkatiwala sa kanila (Amanah)".

والله تعالى أعلم...